PAHAYAG

Para sa Agarang Paglabas
Mayo 15, 2020

Ministeryo ng Turismo, Sining at Kultura

Walang lugar para sa poot sa B.C.

VICTORIA – Si Anne Kang, Ministro ng Mga Serbisyo ng Mamamayan at may pananagutan para sa Multikulturalismo, ay naglabas ng sumusunod na pahayag bilang tugon sa pagtaas ng mga krimen at insidente ng poot sa mga tao ng pamanang Asyano sa B.C.:

“Lubhang nalulungkot ako sa kamakailan-lamang na pagtaas ng mga umuudyok na panlahi na pisikal at pasalitang pag-atake at paninira laban sa mga tao ng pamanang Asyano sa ating lalawigan simula ng pagsiklab ng COVID-19. Ang Departamento ng Pulisya ng Vancouver ay nag-ulat ng pagtaas ng mga krimen sa poot at mga insidente na pinupukaw ng poot noong Marso at Abril, at ang karamihan sa mga nakakagambalang insidente ay mayroong elementong laban sa Asyano.

“Hindi ako maaaring tumahimik. Bilang isang taong lumipat sa Canada mula sa Taiwan, labis akong nagagalit sa sinuman nakikilahok sa mga pagkilos ng diskriminasyon, poot o karahasan. Napilitan ako bilang isang kinatawan ng gobyerno, imigrante at British Columbian na magsalita laban sa mga masasamang kilos na ito.

“Ang COVID-19 ay nakakaapekto sa ating lahat. Ang mga ito ay hindi pa nakaranas ng mapaghamong panahon, nguni't nais kong maging malinaw - ang mga kilos ng karahasan at pagsalakay ay hindi pinahihintulutan. Lubos na walang lugar para sa poot sa ating lipunan.

“Ang mga Tsinong Canadian ay may malalim na pinanggalingan sa lalawigan na ito. Sa maraming mga henerasyon, ang mga Tsinong Canadian ay nagtrabaho kasama ang lahat ng mga British Columbian upang maitaguyod ang masigla, multikultural na lipunan na tinatamasa natin ngayon. Ngayon ay oras na magkakasamang tumindig at hatulan ang mga pagkilos na ito na naghahangad na maghati.

“Ang kabaitan ay magiging dahilan na makaraos tayo sa pandaigdigang krisis sa kalusugan na mas malakas kaysa sa dati habang nagtatrabaho tayo upang makabuo ng isang mas napapabilang at malugod na lalawigan. Ang ating mga komunidad ay mas lumalakas kapag tinatrato natin ang bawa't isa tulad ng nais tayo matratuhin. Higit sa dati, kritikal na tayo ay maghangad na magbigay ng suporta, pag-unawa at paggalang sa isa't isa. Dapat tayo ay magsalita kapag nasaksihan natin ang rasismo.

“Ang ating pamahalaan ay lumikha ng mga bagong programa upang protektahan, ipagtanggol at panindigan ang lipunang multikultural ng B.C. Kamakailan lamang ay itinatag namin ang lambat laban sa rasismo ng Resilience BC, isang sentro at modelo sa pagsalita na idinisenyo upang ikonekta ang mga komunidad sa buong lalawigan ng impormasyon, mga suporta at pagsasanay upang matulungan sila sa pagtugon sa rasismo, intolereansiya at poot.

“Ang aming lalawigan ay namumuhunan ng $540,000 taun-taon sa Resilience BC. Sa maagang bahagi ng buwang ito, pinili namin ang Victoria Immigrant at Refugee Center Society (VIRCS) bilang sentrong tagapagbigay, at anumang mga organisasyong pangkomunidad na interesado sa pamumuno ng pagsisikap laban sa kapootang panlahi at laban sa poot bilang isang komunidad ng Resilience BC na tagasalita ay hinikayat na magsumite ng mga panukala ng Mayo 19, 2020.

“Kung ikaw ay isang biktima o nasaksihan ang isang aktibidad ng poot, hinihikayat kita na iulat ang pangyayari sa iyong lokal na pulisya. Dapat nating pangalagaan ang bawa’t isa, magpakita ng kabaitan at magpakita sa pamamagitan ng ating mga salita at pagkilos na ang poot ay walang lugar sa B.C.”

Kontak:
Relasyon sa Media
Ministeryo ng Turismo, Sining at Kultura
Komunikasyon ng Pamahalaan at Pakikipag-ugnayan sa Publiko
250 208-4309